LEGAL AID CENTER of Southern Nevada
Since 1958

MGA SOLAR SCAM: ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

Huwag kailanman Pumirma sa Parehong Araw

Ang pagbili ng solar panel system ay isang malaking desisyon. Huwag magmadali, magtanong-tanong sa iba, saliksikin ang tungkol sa mga kumpanya na sinusubukang magbenta sa iyo ng solar.

Huwag Pumirma sa iPad o Iba Pang mga Device

Ang iyong elektronikong pirma ay maaaring maling ilagay sa mga dokumento nang wala ang iyong pahintulot. Maaaring sabihin ng nagbebenta na gagamitin ito para sa inspeksyon sa bahay, para matukoy kung kwalipikado ka para sa isang espesyal na programa, o upang magpareserba.

Mag-ingat sa:

- eksaheradong mga pangako, na sinasabing magiging $0 ang bill ninyo, at mga pahayag na may mga “libreng” produkto o espesyal na mga programa ng gobyerno para sa matatanda.
- sinumang magsasabi na babayaran ng gobyerno ang iyong mga solar panel.
- sinumang magsasabi na maaari mong gamitin ang mga credit sa buwis para mabawasan ang gastos nang hindi bineberipika ang iyong pananagutan sa buwis. Kung hindi ka nagbabayad ng buwis, hindi makakatulong sa iyo ang mga credit sa buwis.
- mga buwanang pagbabayad na tumataas kung hindi mo ibibigay sa kanila ang pera mong credit sa buwis.

Pag-aralan Muna Bago Pumirma ng Kahit Ano

- Basahin ang mga online review. Mga halimbawa: Yelp, SolarReviews.com, at BBB.
- Basahin ang mga hindi magandang review sa bawat website. Ito ay isang mabuting paraan para makita kung ano ang naranasan ng ibang customer.
- Kumuha ng mga ibang opinyon kung tama yung laki na system, hinuhulaan nang tama ang output, at na nag-aalok ng makatwirang buwanang bayad o kita sa iyong pinuhunan.
- Imbestigahan ang mga tatak ng produkto na iminumungkahi nila. Ang kalidad ng iba't ibang solar panel at inverter ay maaaring malaki ang pagkakaiba-iba.

Tandaan na Hindi Bawat Bahay ay Angkop para sa mga Panel

Ang ilang bubong ay maaaring hindi pupuwede dahil sa kalumaan ng bahay, oryentasyon ng bubong, o natatakpan ng puno. Kung sobrang lilim ang nagagawa ng mga puno malapit sa inyong bahay, maaaring hindi pinakamahusay na opsyon ang mga panel sa bubong. Ang available na espasyo, hugis, direksyon, at dalisdis ng inyong bubong ay mahahalagang salik din na makakaapekto sa performance. Ang mga solar panel ay gagana nang pinakamaganda sa mga bubong na nakaharap sa katimugang bahagi na may dalisdis na nasa pagitan ng 15 at 40 degrees.

Kanselahin ang Transaksyon Kung Magbago ang Isip Mo

Mayroon kang karapatan na magkansela ng transaksyon sa loob ng tatlong araw pagkatapos pirmahan. Kung nagdadalawang-isip ka, tiyaking samantalahin ang iyong karapatan na magkansela.

Para sa higit pang mga tip, i-scan ang QR code o bisitahin ang www.lacsn.org/solar

Na-update noong 5/20/2025